Pag-aaplay ng voucher

Ang mga taong nasa hustong gulang na **kwalipikadong maging** kliyente ng Australian Hearing ay kailangang mag-aplay ng voucher. Nagtatrabaho kami sa isang kapaligirang nakikipagpaligsahan para sa mga kliyenteng kwalipikadong mag-aplay ng voucher (eligible voucher clients), na maaaring pumili ng nagbibigay ng serbisyo tungkol sa pandinig (hearing provider). Tingnan ang aming **pahinang** Eligibility para sa karagdagang impormasyon.

Makakakuha kayo ng pormularyo sa inyong doktor, health centre o sa Australian Hearing centre. Kung ito ang inyong unang pag-aaplay ng voucher, may bahagi ng pormularyo na kailangang sagutan ng doktor.

Ang mga serbisyo ng Australian Hearing ay walang bayad maliban sa kaunting taunang bayad para sa mga baterya at pagmementena. Wala ring bayad ang maraming matataas na uri ng kasangkapang pantulong sa pandinig (hearing devices) ngunit kung gusto ng kliyente, makakapag-abuloy sila para sa halaga ng mas mataas na teknolohiyang kasangakapan na mayroong mas maraming katangian.

Mga kabataan (Young people)

Ang mga bata hanggang sa gulang na 21 na **mga mamamayan** o mga pirmihang residente ng Australya ay kwalipikadong tumanggap mula sa Australian Hearing ng mga serbisyo tungkol sa pandinig na ginagastusan ng gobyerno, at hindi kailangang kumumpleto ng application form.

Binibigyang pansin ng Australian Hearing ang mga batang may pirmihan o **pangmatagalang** pagkawala ng pandinig. Kung walang palatandaan na ang bata ay nasa peligro ng pirmihang pagkawala ng pandinig o maaaring hindi mangangailangan ng hearing devices, kalimitang iminumungkahi namin sa pamilya na makipag-alam sa **ibang** ahensya para sa pagsusuri.

Mga pensyonado at beterano

Kung kayo ay mga pensyonado o mga kwalipikadong beterano, ang inyong unang application form ay kailangang pirmahan ng inyong doktor.

Iba pang mga taong nasa hustong gulang

Kung kayo ay dumanas ng pagkawala ng pandinig ngunit hindi kayo kwalipikadong pensyonado o beterano, magtanong sa **C**ommunity **H**ealth **C**entre o sa Australian Hearing tungkol sa mga tulong na **ibinibigay** sa inyong lugar.